Gabay para sa Kalahok ng MyCap

Ano ang MyCap na Aplikasyon?

Ang MyCap ay isang mobile na aplikasyon (app) na nagbibigay-daan sa mga tao na kompletuhin ang mga aktibidad sa pananaliksik at makipag-ugnayan sa mga team sa pag-aaral mula sa iOS (v11.0+) at Android device (v5.0+). Maaaring ma-download ang MyCap nang libre mula sa Google Play o Apple App Store sa anumang mobile device.

Ligtas ba ang aking impormasyon sa MyCap?

Oo, ang lahat ng impormasyong ipinasok sa MyCap ay direktang ipapadala sa isang ligtas na database ng elektronikong pag-aaral. Kung hindi available ang internet kapag nakompleto ang isang aktibidad, maiimbak ang impormasyon sa iyong device hanggang sa maibalik ang koneksyon sa internet at muling mabuksan ang app. Hindi magkakaroon ng access ang MyCap sa impormasyon sa iyong device tulad ng iyong mga contact, mensahe, o lokasyon.

Paano ako makakasali sa pag-aaral o proyekto sa MyCap?

Magbabahagi ang mga team sa pag-aaral ng hyperlink o QR code para makasali ka sa pag-aaral sa MyCap. Maaaring gumamit ang maraming tao ng parehong device para sumali sa mga pag-aaral at makompleto ang mga aktibidad. Halimbawa, maaaring gumamit ang mga bata at tagapag-alaga ng iba't ibang profile sa parehong device para kuompletuhin ang mga aktibidad sa pananaliksik.

Pagsali sa Pag-aaral sa MyCap sa pamamagitan ng Hyperlink

1. **Pindutin ang hyperlink:** Mula sa iyong mobile device, pindutin ang **I-click ang link ng MyCap na ito** sa email, text, o webpage na ibinigay ng team sa pag-aaral. Kung hindi mo pa na-install ang MyCap, dadalhin ka sa app store ng iyong device para i-install ang MyCap.
2. **Buksan ang aplikasyon**.
3. **Payagan ang mga notification:** Itatanong ng iyong device kung gusto mong **Payagan** ang mga notification mula sa MyCap. Pindutin ang **Payagan**. Maaari mong i-off ang mga notification para sa pag-aaral sa susunod na hakbang.
4. **Pumili/gumawa ng profile:** Bago sumali sa pag-aaral, kailangan mo ng Profile sa MyCap. Puwede mong piliin ang **Pangunahing Profile** at i-edit ito para isama ang iyong **pangalan** o pindutin ang **Gumawa ng Profile**. Lubos ka naming hinihikayat na **i-enable ang 6 na digit na passcode**.
5. **Sumali sa Pag-aaral:** Pindutin ang **I-click para sumali sa pag-aaral mula sa dynamic na link**.

6. **Payagan ang mga notification sa pag-aaral:** Pindutin ang **Susunod** para gabayan ka sa mga welcome screen ng pag-aaral at **Payagan** ang Mga Notification para sa pag-aaral na ito. Magpapaalala sa iyo ang mga notification ng MyCap ng mga aktibidad na nakatakda at mga bagong mensahe mula sa team sa pag-aaral.



Pagsali sa Pag-aaral sa MyCap sa pamamagitan ng QR Code

1. **I-install ang aplikasyon:** I-download ang aplikasyon mula sa app store ng iyong device.
2. **Buksan ang aplikasyon.**
3. **Payagan ang mga notification:** Itatanong ng iyong device kung gusto mong **Payagan** ang mga notification mula sa MyCap. Pindutin ang **Payagan**. Maaari mong i-off ang mga notification para sa pag-aaral sa susunod na hakbang.
4. **Pumili/gumawa ng profile:** Bago sumali sa pag-aaral, kailangan mo ng Profile sa MyCap. Maaari mong piliin ang **Pangunahing Profile** at i-edit ito para isama ang iyong **pangalan** o pindutin ang **Gumawa ng Profile**. Lubos ka naming hinihikayat na **i-enable ang 6 na digit na passcode**.
5. **Sumali sa Proyekto:** Pindutin ang **SUMALI SA PROYEKTO** at pagkatapos ay pindutin ang **I-scan ang QR Code**. Maaaring humingi ng pahintulot ang MyCap na i-access ang iyong camera para kumuha ng larawan ng QR code. I-click ang **Ok** at i-scan ang ibinigay na QR Code.
6. **Payagan ang mga notification sa pag-aaral:** Pindutin ang **Susunod** para gabayan ka sa mga welcome screen ng pag-aaral at **Payagan** ang Mga Notification para sa pag-aaral na ito. Magpapaalala sa iyo ang mga notification ng MyCap ng mga aktibidad na nakatakda at mga bagong mensahe mula sa team sa pag-aaral.



Pag-navigate sa MyCap na Aplikasyon

Ipinapakita ng mga larawan sa ibaba kung saan mo matitingnan at maa-access ang impormasyon sa loob ng MyCap.

- **Mga aktibidad:** Tingnan ang lahat ng kasalukuyan, atrasado, at paparating na mga aktibidad.
- **Mga mensahe:** Magpadala at tumanggap ng mga mensahe kasama ang team sa pag-aaral.
- **Proyekto:** Makakuha ng impormasyon **Tungkol sa** pag-aaral, **Mga contact** sa pag-aaral, at **Mga link** sa web na ibinigay ng team sa pag-aaral.

- **Profile**: Tingnan ang iyong mga pag-aaral at i-customize ang iyong pangalan, passcode, at larawan sa profile gamit ang icon na lapis.